


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 31: Makabuluhang Pagganap sa Pananagutan



**Edukasyon sa Pagkakatao – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 31: Makabuluhang Pagganap sa Pananagutan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Marc Jan M. Maturan
Editor:	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib
Tagasuri:	Megenila C. Guillen, Imelda A. Grumo, Emalyn E. Llona, Arnold F. Bode, Jezzine F. Salar, Johnrey C. Clarion, Megie M. Lillo, Judith E. Ecoben, Rashiel Joy A. Lepaopao
Tagaguhit:	Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat
Tagalapat:	Nerissa G. Ga, Jaycee B. Barcelona
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax: (085) 342-5969
E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 31:
Makabuluhang Pagganap sa
Pananagutan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang bawat isa ay may kanya- kanyang papel na ginagampanan sa lipunan. Sang-ayon ka ba? Hindi tayo maaaring lahat maging lider o lahat maging tagasunod. Lahat tayo ay may nakaakibat na tungkulin. Malaki o maliit man ang papel na ito, nararapat lamang na gampanan natin ng taos-puso para ito ay makatulong sa ating sariling pag-unlad at maging sa ating pakikipag-ugnayan sa iba upang magkaroon ng isang mapanagutan at makabuluhang buhay sa lipunang ating kinabibilangan.

Nakaugalian sa kulturang Pilipino na ang mas nakatatanda ang nag-uutos sa tahanan. Sa lipunan naman ay mayroon tayong hinirang na mga lider na gumagawa at nagpapasya sa mga programa o tuntunin habang ang mga mamamayan ang nagsasagawa nito upang maisakatuparan ang naturang programa o batas na magpapaunlad sa sarili at sa lipunan.

Napakahalaga ng pagsasagawa at pagsunod sa mga gampanin ng isang lider at tagasunod dahil sa dalawang ito nakasalalay ang resulta ng mga isinagawang kilos kung magbubunga ba ito ng kaayusan at kaunlaran sa isang lipunan.

Sa modyul na ito, ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Nahihinuha na ang pagganap ng tao sa kanyang gampanin bilang lider at tagasunod ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng sarili tungo sa mapanagutang pakikipag-ugnayan sa kapwa at makabuluhang buhay sa lipunan. (EsP8P-IIh-8.3)



Subukin

Maraming Pagpipilian.

Panuto: Maraming Pagpipilian. Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang susi sa pagkamit ng epektibong pamumuno?
 - A. sikat sa lipunan
 - B. disiplina sa sarili
 - C. bagong mga kaibigan
 - D. estado ng pamumuhay
2. Paano ka makatutulong sa pagkamit ng kaunlaran sa pamayanan?
 - A. gaganap bilang isang tagapagmasid
 - B. piliin lamang ang may magandang programa
 - C. iwasan ang mga programang hindi mahalaga
 - D. makilahok at makikipag-ugnayan sa programa ng gobyerno
3. Ano ang magiging bunga kapag magaling na lider ang namamahala sa isang pangkat o pamayanan?
 - A. may maayos na patakaran
 - B. hindi lahat sumasang-ayon
 - C. hati ang opinyon ng tagasunod
 - D. mas uunlad pa siya bilang lider
4. Sino-sino ang may tungkuling dapat gampanan sa lipunan?
 - A. tanging tagasunod lamang
 - B. tanging namumuno lamang
 - C. ang mga namumuno at tagasunod
 - D. mamamayang may mataas na pinag-aralan
5. Sino sa mga sumusunod ang may mabigat na responsibilidad?
 - A. Artista
 - B. Lider
 - C. Manunulat
 - D. Tagasunod
6. Paano mo maipapakita na ikaw ay isang mapagpakumbabang pinuno?
 - A. pagpapatuloy sa pamumulitika
 - B. nakapagbigay ng proyekto sa mga tao
 - C. marunong makisama sa lahat ng uri ng tao
 - D. pagtingin sa sarili na hindi nakalalamang sa iba

7. Ano ang mahihinuha mo sa katagang “walang pinipili ang batas”?
- A. madaling gawin ang mga batas
 - B. pinipili lamang ang gustong batas
 - C. hindi maaaring sumunod lagi sa batas
 - D. ang lahat ay pantay-pantay sa mata ng batas
8. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng PAGKAKAISA ng isang organisasyon?
- A. Sinasalungat ang opinyon ng nakakarami.
 - B. Pakikibaka ang laging solusyon upang mapansin ang nais.
 - C. Salungat ang opinyon ng lider sa opinyon ng kanyang nasasakupan.
 - D. Binigyang pansin ang mga programa ng gobyerno sa pakikilahok ng mamamayan.
9. Sa bayan ang pamumuhay ay pagsasaka, isinasalang-alang ng lider ang mga programang agrikultural na magpapadali at magpapaginhawa sa buhay ng mga magsasaka. Anong tungkulin ang nagampanan ng lider?
- A. pagsabatas ng proyektong panturismo
 - B. inuuna ang interes ng mga dayuhan sa bayan
 - C. pagsawalang bahala sa kalagayan ng magsasaka
 - D. inuuna ang pangangailangan ng mga tagasunod at nasasakupan
10. Ano ang hakbang upang matuto at malinang ang sarili bilang tagasunod?
- A. pagbabasa ng mga aklat
 - B. pagtugon sa mga tanong ng iba
 - C. panonood ng telebisyon araw-araw
 - D. paglahok sa mga gawaing pansibiko
11. Paano natin masasabing ang isang lider ay may kahusayan ?
- A. naging sikat sa lipunan
 - B. panay ang interbyu sa telebisyon
 - C. gumagawa ito ng may tamang pagpapasya
 - D. kapag minsang naging isang mabuting tagasunod

Para sa bilang 12 – 14.

Nagsimula si Joseph bilang tagalinis sa kompanyang kasalukuyan niyang pinamamahalaan. Kinagigiliwan siya ng mga nasasakupan dahil sa maayos niyang pagganap sa kanyang tungkulin. “Diyen ako galing, kaya alam ko ang pakiramdam kung nasa mababang posisyon.” saad ni Joseph. Hindi nakapagtataakang maganda ang estilo niya sa pamamahala sa kompanya at mga katrabaho nito.

12. Bakit tinitingala si Joseph sa kompanyang pinangangasiwaan?
 - A. malaki ang sahod niya
 - B. minsan siya naging tagalinis
 - C. maayos ang kanyang pamamahala
 - D. tunay ang kanyang pagmamahal sa trabaho

13. Nagampanan kaya nang mabuti ni Joseph ang kanyang tungkulin na maging tagapamahala? Bakit?
 - A. Oo, dahil naging tagalinis siya noon.
 - B. Hindi, dahil maraming may ayaw sa kanya.
 - C. Hindi, dahil maluwag siya sa mga kasama niya.
 - D. Oo, dahil kinagigiliwan siya ng kanyang nasasakupan.

14. Kung ikaw ang isa sa mga tagasunod ni Joseph, magugustuhan mo kaya ang kanyang pamamahala? Bakit?
 - A. oo, dahil alam niya na kaya niya
 - B. hindi, dahil nagiging gusto siya ng lahat
 - C. oo, dahil nakapanghihikayat siyang maging masipag
 - D. hindi, dahil ipinaparamdam niya na mahirap tahakin ang kanyang tagumpay

15. Alin sa sumusunod na halimbawa sa pagganap sa mga gampanin ang nagpapakita ng pag-unlad sa tungo sa makabuluhang buhay?
 - A. Pagbabahagi ng impormasyon sa mga kasapi na makapagbabago sa kanilang sariling paniniwala.
 - B. Paggamit sa kapangyarihan bilang lider sa pagpapasunod ng miyembro na walang pagsaalang-alang sa kanilang opinyon.
 - C. Pinapangunahan ni May sa pagdedesisyon ang lider ng kanilang pangkat upang maipakita ang pakikiisa at suporta.
 - D. Aktibong nakiisa si Danny sa adbokasiya ng kanilang pangkat tungkol sa kalinisan kung kaya’y napapahalagahan niyang lalo ang pagkakaroon ng malinis na tahanan.

Aralin

1

Responsableng Lider at Tagasunod Susi sa Maunlad na Lipunan

“Ang maunlad na lipunan ay repleksyon ng nagkakaisa at nagtutulungang mamamayan”

-Anonymous

Ngayon, subukin sa Balikan ang natutunan mo sa nakaraang modyul upang hindi ka mahirapan sa pag-unawa sa konseptong tatalakayin sa panibagong aralin. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.



Balikan

Gawain 1: Karakter Tsek!

Panuto: Gawin ang *diagram* sa iyong sagutang papel. Punan ang mga ito ng mga katangian ng mapanagutang Lider at Tagasunod.

- 1- Ang Katangian ng Lider
- 2- Ang Katangian ng Tagasunod
- 3- Ang parehong katangian ng Lider at tagasunod

1		
	3	2



Mga Tala para sa Guro

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa
Balikan ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain.
Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



Tuklasin

Gawain 2: Kritiko ka Ngayon!

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sumunod na dayalogo at pagnilayan ang mga gabay na tanong.

Tagpo 1. Epektibong Lider at Tagasunod

Ako si Ben, isang mag-aaral na nasa Ikawalong Baitang. Bumisita kagabi ang dalawa kong kaklase sa aming bahay para sabay kaming gumawa ng takdang aralin sa asignaturang EsP. Habang kaming tatlo ay nag-uusap ay naitanong ni Anna kung paano ba natutukoy ang kadakilaan ng isang tao? Habang ako ay nag-iisip, sumagot si Jessa, “upang ikaw ay dakila sa mata ng mga tao tiyakin mo muna na magiging epektibong lider ka sa iyong nasasakupan”. Naisip ko at naitanong sa dalawa, paano ba magiging isang epektibong lider? sabay silang sumagot.

Anna: Upang maging epektibong lider ang isang tao, dapat taglayin ang katangiang mapagpakumbaba at may pasensya sa sarili.

Jessa: Pero para sa akin, magiging epektibo ang isang lider kung mangingibabaw ang disiplina na kanyang ipapakita sa lahat.

Ben: Alin ang mas madali at tamang katangian upang maging dakila ang isang tao?

Jessa: Ang pagkakaroon ng disiplina sa sarili ay sumasalamin sa pagiging mabuting tagasunod sa sarili. Bilang lider dapat marunong din itong sumunod sa mga alituntunin at marunong bumaba para makisalamuha sa mga payak na mga tao na nasa laylayan.

Anna: Ngunit ang magaling na lider ay nagpapakita ng kagandahan ng puso. Ang pagpapakumbaba at pasensya sa sarili ay patunay na umaangat ang tao. Kapag mapagpakumbaba ang isang lider, pakikinggan siya ng mga tagasunod nito.

Dumating si nanay na may dalang meryenda at doon nagtapos ang aming pag-uusap.

Gabay na Tanong:

1. Sino kina Anna at Jessa ang may mas mabigat na batayan upang maging isang epektibong lider ang isang tao? Bakit? Ipalawanag.
2. “Kapag mapagpakumbaba ang isang lider, pakikinggan siya ng mga tagasunod nito.” Ano ang iyong pagkakaintindi sa argumentong ito?



Suriin

May kanya-kanyang paraan ang bawat pamumuno ng mga lider. Marahil, taliwas ang iyong inaasahan sa kanyang paraan ng paniniwala at pamamahala.

Saanmang bahagi ng mundo, bawat bansa ay may pinuno na sinusunod. Bawat ahensya ay may mga lider na namumuno para sa kapakanan ng kaayusan ng mga tagasunod. Napakahalagang malaman ng tao ang kanyang papel sa lipunan.

Kung babalikan ang pagpapalitan ng argumento sa bahaging ***Tuklasin*** ay napag-usapan nila kung paano maging isang epektibong lider ang tao. Disiplina sa sarili ang isa sa mga susi sa pagkamit ng epektibong pamumuno. Ipinakita niya sa mga tagasunod ang disiplinang dapat taglayin ng tao.

Ang pagganap ng tao sa kanyang tungkulin bilang lider o tagasunod ay makatutulong sa pagpapaunlad ng sarili tungo sa mapanagutang pakikipag-ugnayan sa kapwa at makabuluhang buhay sa lipunan. Ngayon, paano nga ba mapagtatagumpayan ito?

Pagganap ng Lider sa mga Gampanin

Ang pagiging lider ay may kaakibat na mabigat na responsibilidad. Ito ay hindi payak na tungkulin dahil nakasalalay sa lider ang tagumpay ng isang lipunan. Halimbawa, ang inyong punong barangay na aktibo sa mga gawaing magpapaunlad sa inyong lugar. Tiyak na maiimpluwensiyahan nito ang mga nasasakupan na maging aktibo rin sa mga gawain sa pamayanan.

Ang mga sumusunod ay mga mabubuting katangian ng isang lider:

- Batid ang pangangailangan ng nasasakupan

Kahanga-hanga ang isang pinuno kung marunong itong makisama at makihalubilo sa mamamayan sa lahat ng antas ng pamumuhay, mayaman man o mahirap. Kung batid ng lider ang gampaning ito, maiintindihan nito ang pangangailangan at hinaing ng mga tagasunod at nasasakupan. Halimbawa, sa isang bayang ang pamumuhay ay pagsasaka, nararapat lamang na ang mga proyektong isalang-alang ng lider ay tungkol sa pagsasaka na magpapadali at magpapaghawa sa buhay ng mga magsasaka.

- May Mahabang Pasensiya

Isang mahalagang katangian na dapat taglayin ng lider ay ang pagiging mapagpasensiya dahil hindi sa lahat ng panahon magugustuhan ng mga tagasunod ang ideya o programang inilatag nito. Dapat papairalin ng lider ang pagiging bukas sa komentaryo upang mapanatili ang pagkakaroon nang maayos na ugnayan o relasyon sa pagitan niya at ng kanyang mga kasapi. Kinakailangan din na maging panatag ang isipan nang mapamahalaan nang maayos ang sariling emosyon.

- Pagpapairal ng Disiplina

Walang pinipili ang batas. Mayaman ka man, kilalang tao, at maging ordinaryong mamamayan lahat ay may pananagutan. Bilang lider, napakahalagang malaman mo na ikaw ang huwaran ng mga tagasunod. Huwaran sa pagpapakita ng mga angkop na gawi gaya ng pagkakaroon ng disiplina. Ang pagkakaroon nito ay nakatutulong sa isang tao sa paggawa ng makatwiran at mabuting pagpapasya. Halimbawa, hindi dahil ikaw ang presidente sa inyong organisasyon ay malaya ka nang gumawa ng mga pagpapasya o bagay na hindi nakasulat sa inyong *constitutional and by laws*. Bilang lider kailangang respetuhin mo ang iyong nasasakupan sa pagdulog sa mga plano bago ito isasabatas o kaya'y bigyan sila ng pagkakataong makapagpahayag ng opinyon.

Kung mapairal ng lider ang ganitong sistema, magkakaroon ng mataas na tiwala at respeto ang mga tagasunod na magbubunga ng isang mapayapang samahan na may respeto sa isa't isa na isa sa mga mahalagang susi upang umunlad ang lipunang kinabibilangan.


Pagganap ng Tagasunod sa mga Gampanin

Ang pagkakaisa ng lider at tagasunod ang susi sa epektibong pamunuan, tagumpay at kaunlaran. Katulad ng lider ang mga tagasunod ay mayroon ding gampanin. Bilang tagasunod ay kinakailangang maging responsable sa tungkulin maliit man o malaki. Mayroong disiplina sa sarili, bukas na pag-iisip, respeto sa sarili at sa kapwa at katapatan sa salita at gawa. Marunong ding makipag-ugnayan at makilahok sa anumang gawain ng pangkat, makasusunod sa batas o alituntunin at makatutulong sa mga namumuno. Ang lahat ng nabanggit ay makatutulong sa pagkakaroon ng mabuting pakikipag-ugnayan sa kapwa. Halimbawa, ang lider ng inyong pangkat ay naglahad ng mga plano para sa organisasyon kaya bilang tagasunod kailangan mong suportahan ang plano ng lider kung batid mong makabubuti ito para sa lahat. Kung sa palagay mo naman ay may iba pang puwedeng gawin ay maaari kang magsalita at magpahayag ng opinyon o suhestiyon. Sa ganitong paraan, mapapairal ang bukas na komunikasyon at pagkakaunawaan na magdudulot ng katiwasayan.

Mahalaga din na ang isang tagasunod ay nagsusumikap na mapaunlad at mapalawak ang sariling kakayahan at kaalaman upang makatulong sa kaunlarang panlahat. Kinakailangang aktibong makilahok sa mga pagsasanay, pagpupulong, programa, pagsulong ng adbokasiya at marami pang iba. Halimbawa, ang barangay

ay may pantas aral tungkol sa “*family planning*”, kung susundin lang ng mag-asawa ang mga programang pampamilya at maging responsable ay tiyak na mapabubuti ang antas ng kanilang pamumuhay na malaki rin ang maitutulong sa paglutas ng problema ng bansa sa patuloy na paglubo ng populasyon at kahirapan.

Sa pangkalahatan, mahalagang mabatid ng lider at tagasunod ang kanilang mga gampanin upang magkaroon ng makabuluhang buhay sa lipunan. Sa pakikiisa ay magkakaroon ka ng bagong karanasang magpapabuti sa sarili at sa pamayanan. Alalahaning hindi magiging timbang ang lipunan kung tanging ang namumuno lang ang gumaganap sa tungkulin bagkus ito ang ugat ng kaguluhan.



Pagyamanin

Gawain 3: Hanap - Salita!

Panuto: Hanapin ang sampung (10) salita na nakatutulong sa pag-unlad ng sarili sa pagganap bilang isang lider at tagasunod. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

R	S	A	P	A	K	I	K	I	L	A	H	O	K	K	P
E	E	L	A	R	T	U	N	G	K	U	L	I	N	R	A
S	M	S	A	N	G	O	A	M	A	T	U	F	I	I	K
P	E	P	P	A	N	A	N	A	G	U	T	A	N	S	I
E	G	A	Z	O	R	N	O	L	D	A	R	N	P	H	K
T	N	P	A	Y	N	K	A	T	A	P	A	T	A	N	I
O	A	S	C	A	X	S	Z	M	O	I	P	I	L	A	I
M	R	C	K	S	K	A	A	L	A	M	A	N	E	N	S
E	O	E	N	N	I	T	H	B	B	I	E	I	L	G	A
A	P	P	L	D	I	S	I	P	L	I	N	A	S	H	A
K	A	R	A	N	A	S	A	N	N	E	O	M	A	T	H

Gawain 4: Magbigay Ka

Panuto: Ilahad ang posibleng kaunlaran kung nagampanan nang mabuti ng lider at tagasunod ang kanilang mga tungkulin. Sa tulong ng *graphic organizer*, isulat ang sagot sa sagutang papel.

	Ikaw ay isang aktibo at huwarang SK Chairperson	Ikaw ay sumusuporta at aktibong SK member
Kaunlaran sa Sarili		
Kaunlaran sa Lipunan		

RUBRIKS SA PAGWAWASTO NG SAGOT

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (12 puntos)	Katamtaman (9 puntos)	Kailangan pa ng kasanayan (6 puntos)
Nilalaman	Kompletong nagpahayag ng tig- 5 kaunlaran at angkop ang mga impormasyong isinulat.	Kompletong nagpahayag ng tig- 5 kaunlaran bagaman hindi masyadong angkop ang impormasyong isinulat.	Kulang ng pahayag na tig- 5 kaunlaran at hindi masyadong angkop ang impormasyong isinulat.	Kulang ng pahayag na tig- 5 kaunlaran at hindi angkop ang impormasyong isinulat.

Gawain 5. Suri-Mensahe!

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang tula tungkol sa gampanin ng isang lider at tagasunod. Ipaliwanag ang mensahe ng tula. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pananagutan Ko, Gagampanan Ko

Ni: Marc Jan M. Maturan

Mga mata sa lipunan, hindi ka maiwan-iwan
Tingala nila, mahaba pa sa kalsada
Pamumuno mo, susundin ko
Plano ni pinuno gagawin ko, para sa sarili at mamamayan
Pananagutan ko bawat galaw, gagampanan ko tungkulin mong sigaw


Mabigat man ay dadalhin, sakripisyo at kritisismo ay tatanggapin
Dahil hindi lahat ika'y gugustuhin
Tanging dalangin, magtulungan ikaw at ako
Makilahok, makiugnay at makiisa para sa pag-unlad
Magiting na namumuno hanap ay mabuting tagasunod para sa pagbubuklod

Pahalagahan, pagsisikap ni pinuno para sa kapakanan
Pakinggan hinaing ni Juan na mabuting mamamayan
Tiyak may matututunan kahit sino man
Ikaw bilang mag-aaral, tungkulin mo ay gampanan
Ang Guro ay gumagabay, para sa magandang buhay.

Sipi mula sa Tula	Pagpapaliwanag sa mensahe ng Tula sa lider o tagasunod
1. Mga mata sa lipunan, hindi ka maiwan-iwan Tingala nila, mahaba pa sa kalsada Pamumuno mo, susundin ko Plano ni pinuno gagawin ko, para sa sarili at mamamayan Pananagutan ko bawat galaw, gagampanan ko tungkulin mong sigaw	
2. Mabigat man ay dadalhin, sakripisyo at kritisismo ay tatanggapin Dahil hindi lahat ika'y gugustuhin Tanging dalanagin, magtulungan ikaw at ako makilahok, makiugnay at makiisa para sa pag-unlad Magiting na namumuno hanap ay mabuting tagasunod para sa pagbubuklod	
3. Pahalagahan, pagsisikap ni pinuno para sa kapakanan Pakinggan hinaing ni Juan na mabuting mamamayan Tiyak may matututunan kahit sino man Ikaw bilang mag-aaral, tungkulin mo ay gampanan Si guro na gumagabay, para sa magandang buhay.	

RUBRIKS SA PAGWAWASTO NG SAGOT

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (12 puntos)	Katamtaman (9 puntos)	Kailangan pa ng kasanayan (6 puntos)
Pagpapaliwanag sa mensahe ng tula	Kompletong napaliwanag ang mensahe ng tula, wasto at maayos ang pagpapaliwanag sa mensahe ng tula.	Kompletong napaliwanag ang mensahe ng tula at hindi masyadong angkop at maayos ang pagpapaliwanag sa mensahe ng tula.	Kulang ng napaliwanag ang mensahe ng tula at hindi masyadong angkop at maayos ang pagpapaliwanag sa mensahe ng tula.	Kulang ng napaliwanag ang mensahe ng tula, hindi angkop at maayos ang pagpapaliwanag sa mensahe ng tula.



Isaisip


Gawain 6. Ayusin Mo Ako!

Panuto: Buuin ang *graphic organizer* upang maipakita ang kahalagahan ng pagganap ng tao sa kanyang gampanin (lider o tagasunod). Piliin ang tamang sagot sa Papel ng Kaalaman sa susunod na pahina at isulat ito sa sagutang papel. Magbigay din ng halimbawang sitwasyon sa lider at tagasunod.

1.		Makabuluhang Buhay sa Lipunan	
2.			
3.			
4.	9.		
5.	10.		
6.	11.		
7.	12.		
8.	13.		
14. Halimbawa:			15. Halimbawa:

Papel ng Kaalaman

- A. Mapanagutang pakikipag-ugnayan sa Kapwa
- B. Pagganap sa mga Responsibilidad
- C. Pagganap sa gampanin bilang lider
- D. Pag-alam sa pangangailangan ng nasasakupan
- E. Pagganap sa gampanin bilang tagasunod
- F. Kaunlaran sa Sarili
- G. Pakikilahok sa mga gawain ng pangkat
- H. Pakikipag-ugnayan sa lider at iba pang kasapi
- I. Pagtulong sa lider sa pagkamit ng layunin
- J. Pagpapaunlad ng kaalaman at kakayahan
- K. Tagagawa ng pagpapasya
- L. Tagapangasiwa ng nasasakupan at mga Gawain
- M. Mabuting huwaran na nakakaimpluwensya ng



Isagawa

Gawain 7: Tala-Panayam!

Panuto: Magsagawa ng isang panayam at punan ng mahahalagang impormasyon ang talahanayan. Kopyahin ang pormat ng talahanayan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Gabay sa pagsasagawa:

1. Magsagawa ng isang pakikipanayam (*formal o informal*) tungkol sa iba't ibang pananaw ng tao kung paano magiging mabuting lider at tagasunod ang isang indibidwal.
2. Maari ang magulang, kuya, ate o kaibigan ang tatanungin batay sa kanilang karanasan. Pwede naman sa *online* para hindi na kailangan pang lumabas ng bahay.
3. Isulat sa talahanayan ang impormasyong nakalap.

Pangalan ng Kinakapanayam	Edad	Kasarian	Pananaw ng kahalagahan ng pakikiugnay bilang lider	Pananaw ng kahalagahan ng pakikiugnay bilang mabuting tagasunod

RUBRIKS SA PAGWAWASTO NG SAGOT

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (12 puntos)	Katamtaman (9 puntos)	Kailangan pang kasanayan (6 puntos)
Nilalaman	Kompleto at angkop ang mga impormasyong isinulat.	Kompleto bagaman hindi masyadong angkop ang mga impormasyong isinulat.	Kulang at hindi masyadong angkop ang mga impormasyong isinulat.	Kulang at hindi angkop ang mga impormasyong isinulat.



Tayahin

Maraming Pagpipilian.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Paano natin masasabing ang isang lider ay may kahusayan?
 - A. naging sikat sa lipunan
 - B. panay ang interbyu sa telebisyon
 - C. gumagawa ito ng may tamang pagpapasya
 - D. kapag minsang naging isang mabuting tagasunod

Para sa bilang 2 – 4.

Nagsimula si Joseph bilang tagalinis sa kompanyang kasalukuyan niyang pinamamahalaan. Kinagigiliwan siya ng mga nasasakupan dahil sa maayos niyang pagganap sa kanyang tungkulin. “Diyen ako galing, kaya alam ko ang pakiramdam kung nasa mababang posisyon.” saad ni Joseph. Hindi nakapagtatakdang maganda ang estilo niya sa pamamahala sa kompanya at mga katrabaho nito.

2. Bakit tinitingala si Joseph sa kompanyang pinagtatrabahuan ?
 - A. malaki ang sahod niya
 - B. minsan siya naging tagalinis
 - C. maayos ang kanyang pamamahala
 - D. tunay ang kanyang pagmamahal sa trabaho
3. Nagampanan kaya nang mabuti ni Joseph ang kanyang tungkulin na maging tagapamahala? Bakit?
 - A. Oo, dahil naging tagalinis siya noon.
 - B. Hindi, dahil maraming may ayaw sa kanya.
 - C. Hindi, dahil maluwag siya sa mga kasama niya.
 - D. Oo, dahil kinagigiliwan siya ng kanyang nasasakupan.
4. Kung ikaw ang isa sa mga tagasunod ni Joseph, magugustuhan mo kaya ang kanyang pamamahala? Bakit?
 - A. oo, dahil alam niya na kaya niya
 - B. hindi, dahil nagiging gusto siya ng lahat
 - C. oo, dahil nakapanghihikayat siyang magsipag
 - D. hindi, dahil ipinaparamdam niya na mahirap tahakin ang kanyang tagumpay

5. Alin sa sumusunod na halimbawa sa pagganap sa mga gampanin ang nagpapakita ng pag-unlad sa tungo sa makabuluhang buhay?
 - A. Pagbabahagi ng impormasyon sa mga kasapi na makapagbabago sa kanilang sariling paniniwala.
 - B. Paggamit sa kapangyarihan bilang lider sa pagpapasunod ng miyembro na walang pagsaalang-alang sa kanilang opinyon.
 - C. Pinapangunahan ni May sa pagdedesisyon an glider ng kanilang pangkat upang maipakita ang pakikiisa at suporta.
 - D. Aktibong nakiisa si Danny sa adbokasiya ng kanilang pangkat tungkol sa kalinisan kung kaya'y napapahalagahan niyang lalo ang pagkakaroon ng malinis na tahanan.

6. Ano ang susi sa pagkamit ng epektibong pamumuno?
 - A. sikat sa lipunan
 - B. disiplina sa sarili
 - C. bagong mga kaibigan
 - D. estado ng pamumuhay


7. Paano ka makatutulong sa pagkamit ng kaunlaran sa pamayanan?
 - A. gaganap bilang isang tagapagmasid
 - B. piliin lamang ang may magandang programa
 - C. iwasan ang mga programang hindi mahalaga
 - D. makilahok at makikipag-ugnayan sa programa ng gobyerno

8. Ano ang magiging bunga kapag magaling na lider ang namamahala sa isang pangkat o pamayanan?
 - A. may maayos na patakaran
 - B. hindi lahat sumasang-ayon
 - C. hati ang opinyon ng tagasunod
 - D. mas uunlad pa siya bilang lider

9. Sino-sino ang may tungkuling dapat gampanan sa lipunan?
 - A. tanging tagasunod lamang
 - B. tanging namumuno lamang
 - C. ang mga namumuno at tagasunod
 - D. mamamayang may mataas na pinag-aralan

10. Sino sa mga sumusunod ang may mabigat na responsibilidad?
 - A. Artista
 - B. Lider
 - C. Manunulat
 - D. Tagasunod

11. Paano mo maipapakita na ikaw ay isang mapagpakumbabang pinuno?
- A. pagpapatuloy sa pamumulitika
 - B. nakapagbigay ng proyekto sa mga tao
 - C. marunong makisama sa lahat ng uri ng tao
 - D. pagtingin sa sarili na hindi nakalalamang sa iba
12. Ano ang mahihinuha mo sa katagang “walang pinipili ang batas”?
- A. madaling gawin ang mga batas
 - B. pinipili lamang ang gustong batas
 - C. hindi maaaring sumunod lagi sa batas
 - D. ang lahat ay pantay-pantay sa mata ng batas
13. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng **PAGKAKAISA** ng isang organisasyon?
- A. Sinasalungat ang opinyon ng nakakarami.
 - B. Pakikibaka ang laging solusyon upang mapansin ang nais.
 - C. Salungat ang opinyon ng lider sa opinyon ng kanyang nasasakupan.
 - D. Binigyang pansin ang mga programa ng gobyerno sa pakikilahok ng mamamayan.
14. Sa bayang ang pamumuhay ay pagsasaka, isinasalang-alang ng lider ang mga programang agrikultural na magpapadali at magpapaghawa sa buhay ng mga magsasaka. Anong tungkulin ang nagampanan ng lider?
- A. pagsabatas ng proyektong panturismo
 - B. pag-una sa interes ng mga dayuhan sa bayan
 - C. pagsawalang bahala sa kalagayan ng magsasaka
 - D. pag-una sa pangangailangan ng mga tagasunod at nasasakupan
15. Ano ang hakbang upang matuto at malinang ang sarili bilang tagasunod?
- A. pagbabasa ng mga aklat
 - B. pagtugon sa mga tanong ng iba
 - C. panonood ng telebisyon araw-araw
 - D. paglahok sa mga gawaing pansibiko



Karagdagang Gawain

Gawain 8: Aking Napagtanto!

Panuto: Sumulat ng sariling repleksyon sa mga impormasyong nakuha sa bahaging **Isagawa**. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gawing batayan sa paggawa ang gabay na mga tanong at pamantayan sa pagmamarka.


Mga Gabay na Tanong:

1. Gaano kahalaga ang pagiging responsableng indibidwal sa kilos at salita?

2. Bakit kailangan makilahok o makipag-ugnayan sa iba?

RUBRIKS SA PAGSAGOT NG MGA TANONG

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (10 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Lalim at nilalaman ng repleksyon	Napakalalim na naipakita ang pag- uugnay ng sarili sa karanasan sa bagong kaalaman. Malinaw na nailalahad ang repleksyon at pangangatwiran.	Malalim na naipakita ang pag- uugnay ng sarili sa karanasan sa bagong kaalaman. Hindi gaanong malinaw na nailalahad ang repleksyon at pangangatwiran.	Mababaw na hindi naipakita ang pag- uugnay ng sarili sa karanasan sa bagong kaalaman. Hindi malinaw na nailalahad ang repleksyon at pangangatwiran.



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>1. D 2. C 3. D 4. C 5. D 6. C 7. C 8. A 9. A 10. D 11. D 12. D 13. D 14. B 15. D</p>	<p>Isaisip</p> <p>1. A 2. F 3. B 4. C 5. - 8 D, K, L, M 9. E 10. - 13 G, H, I, J</p>	<p>Pagyanamin</p> <p>Pahiga</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pakikilahok • Tungkuhin • Pananagutan • Katapatan • Kaalaman • Disiplina • Karanasan <p>Patayo</p> <ul style="list-style-type: none"> • Respeto • Pakikisa <p>Dayagonal</p> <ul style="list-style-type: none"> • Responsible
---	---	---

<p>Balikan</p> <p>Posibleng Sagot</p> <p>1. A. Nagtataglay ng kaisipang kritikal B. Marunong sa pakikipagkapwa C. Mapanagutan sa lahat ng desisyon</p> <p>2. A. May integridad B. Bukas sa opinion C. Responsible</p> <p>3. A. Maasahan B. Maalalahanin C. May paniniindigan</p>	<p>Subukin</p> <p>1. B 2. D 3. D 4. C 5. B 6. D 7. D 8. D 9. D 10. D 11. D 12. C 13. D 14. C 15. D</p>
---	---

Sanggunian

Aklat

Bognot, Regina et.Al. 2014. Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral. 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph